**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 123-135




# Students' grammatical errors in essay writing

Tica-A, Penelope F. ✉
*Benguet State University, Philippines (p.tica-a@bsu.edu.ph)*

**Received**: 19 August 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24826

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

The Filipino curriculum in tertiary education aims to cultivate the communicative ability of each student. To achieve this successfully, grammatical ability must be cultivated. Because of this, it is important to study the students' grammatical ability to address any problems related to it and to develop language tools that can help further develop the students' grammatical ability so that they can further improve their skills in communication. This study specifically aims to assess the grammatical errors of students in writing narrative essays that still need to be developed, identify the factors that affect students in their grammatical errors in writing narrative essays, and develop language tools that will respond to the error students' grammar. This study was conducted during the second semester of the academic year 2023-2024 on a group of 33 college students. A descriptive-qualitative design was used. Three sets of students' papers were analyzed to determine their grammatical errors in content and function words. Validated guide questions were used to determine the factors that affect students' grammatical errors. The result of the first and second problems became the basis for the language material that was developed. It came out of the study that pronouns and pang-angkop have the most mistakes students make in writing a narrative essay. There are factors that affect students in their grammatical errors, such as lack of knowledge on grammar, inappropriate use of technology, and lack of time management. A module to be used as a supplemental material was developed as an output of the study.

***Keywords:*** grammatical errors, parts of speech, essay, module, Filipino grammar

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Students' grammatical errors in essay writing
# (Kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay)

## 1. Panimula

Ang pagsulat ay isa sa makrong kasanayang dapat malinang sa isang tao tungo sa matagumpay na pakikipagkomunikasyon. Ayon kay Mag-atas (2008), ang pagsulat ay sining ng pagsasalin ng kaisipan, ideya, damdamin, kaalaman at mga alaala mula sa puso at pag-iisip sa panlabas na daigdig sa pamamagitan ng nakasulat na mga salita. Dito ay dapat na malinaw, makatuwiran at maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag. Kailangang maingat ang pagkakagamit ng gramatika at retorika. Hindi biro ang pagsulat sapagkat ito ay nangangailangan ng disiplina sa sarili. Ito ay may mga proseso at bahagi na kailangang maingat na sinusunod (Mortera at Conti, 2016). Ilan sa mga proseso ng pagsulat ay ang pagpili ng mga ideyang isusulat at kailangang organisado ang mga ideyang nakapaloob dito (Paltridge 2009).

Gamitin ang sanaysay bilang uri ng komposisyong isinusulat ng mga mag-aaral. Gayunpaman, kinakikitaan ito ng mga suliranin tulad ng kamaliang panggramatika na kung maaari ay malunasan. Ayon kay Badayos (1999), maraming mag-aaral ang nagpapakita ng kawalan ng motibasyon sa pagsulat ng komposisyon tulad ng sanaysay at kung minsan ay hirap pa sa pagbuo ng mga ideya. Ito ay bunga ng maling konsepto at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Kadalasan, naaapektuhan ng mga kahinaang ito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ayon naman kay Shanahan (2008) sa pagbanggit nina Domantay at Ramos (2018), maraming mag-aaral ang nahihirapang kumilala at tumukoy ng mga naisatitik lalo na ang mga komplikadong gawaing pasulat at pasalita. Malaki ang epekto nito sa pang-akademikong gawain ng mga mag-aaral dahil hindi sila makasusulat ng mga sulating may mataas na antas ng kasanayan tulad ng pagsulat ng sanaysay. Ayon kay Bassey J. (2022), Milyon-milyong mga kolehiyong mag-aaral sa buong mundo ang nahaharap sa isang malawak na hanay ng mga problema sa pagsulat ng mga sanaysay. Natuklasan din sa pag-aaral nina Chang, C. at L. Wei (2022), na habang nagmamarka ang mga guro ng mga burador ng sanaysay ng mga mag-aaral, naaabala sila dahil sa kakulangan sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Lumabas din sa pag-aaral ni Safitri (2021) na ang mga kolehiyong mag-aaral ay may mga pagkakamali sa gramatika sa pagsulat ng sanaysay.

Lumabas sa mga natukoy na pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may mga kakulangan sa kakayahang panggramatika sa pagsulat ng sanaysay. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik na suriin ang naratibong sanaysay ng mga mag-aaral sa Batsilyer ng Sining sa Filipino (BAFL) upang malaman ang kanilang kamaliang panggramatika sa pagsulat nito gayundin ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang kakayahang magsulat nito. Mahalaga ang magiging resulta ng pananaliksik na ito dahil magiging dokumento at magiging batayan para sa lalo pang pagpapaunlad sa mga asignaturang panggramatika at ang kabuuang kurikulum ng BAFL. Magiging balidong batayan din ang resulta ng pananaliksik upang makagawa ng akmang kagamitang pampagkatuto sa lalo pang paglinang sa kakayahang panggramatika sa pagsulat ng naratibong sanaysay ng mga mag-aaral. Magiging isang patunay din ang kalalabasan ng pananaliksik na ito na magiging batayan din ng mga iba pang mananaliksik. Inaasahan din na ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang lalong mapaunlad ang pagtuturo-pagkatuto sa gramatikang Filipino ng sinumang mag-aaral tungo sa lalong ikauunlad ng kanilang kakayahang pangkomunikasyon. Tiyak na nilayon nitong:

- Masuri ang kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng naratibong sanaysay na kailangan pang paunlarin
- Matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa mga mag-aaral sa kanilang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng naratibong sanaysay
- Makabuo ng kagamitang pangwika na tutugon sa kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral

## 2. Metodo

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ginamit ang kuwalitatibong pamaraan na may deskriptibong disenyo sa pag-aaral na ito. Ang pangunahing layunin nitong disenyo ay maunawaan ang mundo o ang karanasan ng iba (Gittan, 2017).

***Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral -*** Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Kagawaran ng Filipino, Kolehiyo ng Sining at Humanidades, Pamantasang Pampamahalaan ng Benguet. Naging kalahok ang lahat ng tatlumpu't tatlong (33) mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sining sa Filipino (BAFL) na nasa ikatlong taon, ikalawang semestre ng Panuruang Taon 2023- 2024. Sila ang pinili dahil sila ang kumukuha ng asignaturang Diskurso. Ang asignaturang ito ay naglalaman ng apat na paraan ng pakikipagdiskurso; ang pagsasalaysay, paglalarawan, pangangatwiran at paglalahad na kinabibilangan ng sanaysay.

***Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos -*** Tigtatlong naratibong sanaysay ng bawat mag-aaral ang ginamit na pinaghanguan ng datos para sa unang suliranin. Sa pakikipanayam para sa ikalawang suliranin ay ginamit ang unstructured interview. Ayon kina Lartec et al. (2011), ang ganitong pakikipanayam ay may listahan ng mga tanong ngunit hindi kailangang sundin ang pagkakasunod-sunod nito. Malaya ang nakikipanayam na ulitin ang tanong at tumalakay pa sa ibang punto na inaakala niyang makatutulong at kapaki-pakinabang. Bago ginamit ang gabay sa pakikipanayam na binuo ay idinaan muna sa balidasyon ng mga gurong nagtuturo ng gramatikang Filipino. Ginamit din ang talaan at rekorder upang matiyak na makuha ang kinalaingang datos.

***Paraan ng Paglikom ng datos -*** Nilikom ang mga datos para sa unang suliranin sa pamamagitan ng pagpapasulat ng tatlong naratibong sanaysay sa mga mag-aaral. Ito ay binuo ng tatlo hanggang limang talata lamang depende sa paksa. Bago ang isahang pagsulat, itinuro muna sa mga mag-aaral ang mga dapat isaalangalang sa pagsulat nito. Isinunod ang pangkatang pagsulat ng mga mag-aaral ng naratibong sanaysay upang lalo nilang maunawaan kung paano ito gawin. Nagbigay muna ng puna ang guro sa resulta ng pangkatang pagsulat. Pagkatapos nito ay isinunod na ang isahang pagsulat ng sanaysay nang tatlong beses sa loob ng klasrum nang may sapat na oras. Sa unang araw ng pagpapasulat ay binigyang kalayaan ang mga mag-aaral sa pamimili ng paksa. Sa ikalawang araw ng pagsulat ay ibinigay ang pangkalahatang paksang paghahanguan nila ng kanilang tiyak na paksa. Sa ikatlong araw ng pagsulat, ibinigay ang tiyak na pamagat na pag-iikotan ng susulating sanaysay ng bawat isa. Ang tatlong isahang sanaysay ng mga mag-aaral ay sinuring maigi ng mananaliksik upang malaman ang kanilang mga kamaliang panggramatika sa mga salitang pangnilalaman at pangkayarian lamang. Upang matiyak ang kawastuhan ng isinagawang pagsusuri ay muli itong ipinasuri sa ilang mga guro ng Filipino na may karanasan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino.

Ang resulta ng unang suliranin ay naging batayan ng pagsagot sa ikalawang suliranin. Tinapos muna ang pagsulat at pagsuri sa mga tatlong naratibong sanaysay bago naghanda ng mga gabay na tanong para sa pakikipanayam sa mga kalahok. Ipinaalam ng mananaliksik sa pamunuan ng kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral ang isinagawang pananaliksik. Noong mayroon nang pahintulot ay kinapanayam ang mga mag-aaral upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng naratibong sanaysay. Naging batayan naman sa pagsagot sa ikatlong suliranin ang resulta ng una at ikalawang suliranin.

***Pagtrato ng mga Datos -*** Ginamit ang frequency distribution na hinango sa pag-aaral nina Fitrawati at Safitri (2020) upang masukat ang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng sanaysay ng mga BAFL. Dito ay sinuri nang maigi ang sanaysay ng bawat mag-aaral. Binasa at sinuri ito ng apat na beses upang masiguradong makuha ang wastong datos. Inuri ang mga kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman (pangngalan, panghalip, pang-abay, pang-uri, pandiwa) at salitang pangkayarian (pantukoy, pang-ukol, pang-angkop, pangatnig, at panandang ay). Ipinaliwanag ang mga naturang kamaliang panggramatika. Para sa lalong ikalilinaw ng pagpapaliwanag sa mga kamalian ay nagbigay ang mananaliksik ng mga tiyak na mga halimbawa ng mga naturang kamalian mula sa papel ng mga mag-aaral.


Upang masagot ang mga salik na nakaaapekto sa mga BAFL sa kanilang kamaliang panggramatika sa

pagsulat ng naratibong sanaysay, sinuri at itrinanskrayb ang mga nalikom na datos. Isinunod na isinagawa ang pagkakategorya hanggang magkaroon ng tema na naging batayan sa pagtalakay. Naging batayan naman ang resulta ng una at ikalawang suliranin sa pagsagot sa ikatlong suliranin. Sa pagbuo ng kagamitang pangwikang tutugon sa kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral ay mas binigyang pansin ang mga panghalip at pang-angkop dahil ang mga ito ang lumabas na may maraming kamalian ang mga mag-aaral. May mga pagtalakay at gawain man sa lahat na bahagi ng panalita ngunit mas dinamihan ang dalawang unang natukoy dahil dito sila may mas maraming kamalian.

## 3. Pagtalakay ng mga Resulta

### *3.1 Kamaliang Panggramatika ng mga mag-aaral sa Pagsulat ng Naratibong Sanaysay na Kailangan pang Paunlarin*

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, may mga kamaliang panggramatika ang mga mag-aaral. Ang mga ito ay kamalian sa mga salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian. Matutunghayan ang mga ito sa ibaba.





*Figyur 1.* Kamaliang Panggramatika (Pangnilalaman) ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Naratibong Sanaysay na Kailangan pang Paunlarin

Sa 39 na kamalian sa salitang pangnilalaman, ang panghalip ang may pinakamaraming kamalian ang mga mag-aaral sa pagsulat ng mga naratibong sanaysay. Dalawampu't dalawa (22) ito. Ipinapakita na malaki ang agwat ng mga kamaliang nakamit dito kumpara sa iba pang bahagi ng salitang pangnilalaman. Dahil dito, isinasaad na hindi pa lubusang nalinang ang kanilang kakayahan sa paggamit ng panghalip gaya ng a) paggamit ng panghalip na **ako** sa halip na **kami** *(Noong una ayaw ko… napamahal na kami…),* **iyon** sa halip na **ito** *(Kinaumagahan, nagtuluan na ang aking mga luha…Sa araw na ito…*), at b) kakulangan sa paggamit ng panghalip pamatlig na **ito** bilang pagtukoy sa wikang Filipino *(… hangaring maibabahagi (ito) sa iba),* at panghalip na **kanila** upang maiwasan ang pag-uulit sa paggamit ng pangngalan *(…labis-labis ang aking pasasalamat sa aking mga magulang… utang ko ang buhay ko sa aking magulang…).*

*Panghalip*


Bahagi ito ng panalita na panghalili sa pangngalan. May apat itong uri: ang panao, pamatlig, panaklaw, at pananong. Makikita sa ibaba ang mga tiyak na halimbawa ng kamalian sa panghalip bilang nangunguna sa ranggo ng mga kamalian ng mga mag-aaral.



walang pagkukunan noon ng financial ng dahil sa pandemic. Sa kadahilanan na ayaw kung huminto ako ay naghanap muli ng ibang kurso na kung saan pwede akong mag enroll. Noong una ayaw ko itong kurso ngunit habang tumatagal ngunit sa ngayon ay napapamahal na kami at nakikipagdalubhasa sa wikang Filipino
* ako

*Plate 1*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip


Makikita sa plate 1 na ginamit ang panghalip na kami sa halip na ako. Ako ang dapat na gamitin dahil sa simula pa lamang ng pangungusap ay tinutukoy lamang ng tagasulat ang kanyang sarili kaya dapat na parallel hanggang matapos ang pahayag na iisa lamang ang dapat tukuyin.



ng Filipino. Ninanais ko na sana ay makamit ko ang aking self confidence nang sa ganoon ay makamit ko ang aking pangarap na makapagturo balang araw sa wikang Filipino upang maging isa ako sa mga ganap na tagapagtaguyod ng wikang Filipino at maibahagi ko sa iba ang aking hangaring maibahagi ito sa iba ang wikang Filipino.

*Plate 2*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip

Sa plate 2 ay mas akmang gamitin ang panghalip pamatlig na ito na tumutukoy sa wikang Filipino. Sa mga pahayag, tatlong beses na inulit ang pangngalang wikang Filipino kaya upang maiwasan ito ay mas akmang gamitan din ito ng panghalip bilang kapalit ng pangngalan.



Dumating ang umaga, nagtuluan na ang aking mga luha. Hindi makapaniwala sa nalaman. Umiyak nang walang tigil, dahil sa napakasakit na nangyari.

Sa araw na ito, masasabi kong walang permanente sa mundo. Lahat tayo ay lilisanin ang ang mundong ating ginagalawan. Nauna man ang aking ama, pagdating ng tamang panahon, ako at ang aking pamilya ay pupunta rin sa kanyang pinuntahan. Maikli lang

*Plate 3*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip

Sa plate 3, mababasa sa unang talata na ibinabahagi ng mag-aaral ang kanyang nakaraang karanasan kaya sa ikalawang talata ay mas akmang gamitin ang iyon kaysa ito dahil tinutukoy niya ang nakalipas na araw na may kaugnayan sa kanyang karanasan.



Gayunpaman, labis-labis ang aking pasasalamat sa aking mga magulang dahil naging anak nila ako. Utang ko ang buhay ko sa (aking magulang) ito sa mga nalalabing oras ay papahalagahan ko ang aking mga magulang at mamahalin ko sila ng lubos.

*Plate 4*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip

Mababasa sa plate 4 na dalawang beses na tinukoy ng mag-aaral ang mga magulang. Dahil dito, mas maiging palitan ang isa sa mga ito ng panghalip na kanila na tumutukoy din sa mga magulang.



Ang pagtahak ng landas ng pag-aaral ay hindi madali, may mga araw na tayo ay nakakaramdam ng pagod, stress at pagsuko, ngunit sa kabila ng mga itong nararamdaman natin ay pinapalakas natin ang ating sarili para hindi tuluyang maghina ang ating loob kundi magkaroon tayo ng determinasyon na may pag-asa na ipagpatuloy ang ating pag-aaral. Minsan ay tayo ay nawawalan ng gana na pumasok sa paaralan dahil sa katamaran at mas gusto nalang natin na gawin ang mga walang kwentang

*Plate 5*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip

Ipinapakita ng plate 5 ang maling puwesto ng ito kaya inilipat ito pagkatapos ng pandiwang nararamdaman. Upang may wastong gramatika, kinailangan ding inangkupan ang pandiwang nararamdaman upang umakma na ito ang kasunod sa pahayag.



... pinahalagahan at nauunawaan ang kahalagahan ng wikang Filipino. Nakakahiya man minsan dahil kapag kami ay pinagsasalin kailangan ko pang mag "search" sa online upang malaman ang Tagalog ng salitang aking isinasalin. Kapag nagsusulat din kami ng sanaysay ay nahahaluan ng wikang Ingles ito.

*Plate 6*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip

Makikita sa plate 6 na ginamit ang ito bilang pagtukoy sa sanaysay. Isinulat nga lamang ito sa hulihan ng pangungusap na dapat ay naisulat pagkatapos ng pandiwang nahahaluan.




Ang sanayin ating sariling wika at palaguin ang ating wika sa pamamagitan ng pakikipagkomunikasyon. Sa kadahilanang nito ay ito ang naging kasanayan ng mga mamayan ng Pilipinas. Dapat nating magkaisa upang hindi makalimutan ang wikang banyaga. Kahit gaano karami ang mga dyalekto na ating natutunan dapat bigyang tanaw ang wikang Filipino.

*Plate 7*. Kamalian ng mga mag-aaral sa panghalip

Sa plate 7 naman ay ginamit ang atin sa unahan ng pangungusap ngunit mas angkop gamitin ang natin pagkatapos ng salitang sanayin dahil tayo ang tinutukoy na dapat na masanay sa sariling wika hindi ang sariling wika ang sasanayin.

Ilan lamang sa mga naipresenta ang mga halimbawa ng kamalian ng mga mag-aaral. Batay sa frequency distribution, ang panghalip ang may pinakamataas na kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Nagsasaad na hindi pa lubusang nalinang ang kanilang kakayahan sa paggamit ng panghalip. Maaaring dahil ito ay may iba't ibang uri. Pareho ito sa natuklasan nina Lartec at Perey (2011) na hindi pa ganap na nalilinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa isang unibersidad ng lunsod Baguio. Sa pag-aaral ni Gomez (2006), napatunayang ang mga panghalip ang higit na nagkaroon ng impluwensiya ng text messaging sa ispeling sa pagsulat ng mga mag-aaral.




*Figyur 2:* Kamaliang Panggramatika (Pangkayarian) ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Naratibong Sanaysay na Kailangan pang Paunlarin

Batay sa pagsusuri sa bilang ng mga kamaliang panggramatika sa mga salitang pangkayarian ng mga mag-aaral, may nakitang 82 na kamalian at pinakamarami sa pang-angkop na mayroong 40. Ito ay sinusundan ng pangatnig na may 23 na kamalian. Ipinapakita na hindi nila nagamit nang wasto ang **na, ng**, at **g**. Halimbawa ng kamaliang hindi ginamitan ng pang-angkop na **g** ang salitang **ngayon** *(Kaya ngayon nasa kolehiyo na ako…),* **na** sa halip na **g** *(Kung kaya natin na matuto…),* at **na** na dapat ay **ng** ang iaangkop sa **ko** *(Napagtanto ko na ang pagiging…).*

*Pang-angkop*

Ang pang-angkop ay salitang pangkayarian. Ang mga ito ay na, ng, g. Ito ay idinurugtong o iniaangkop sa mga salitang pangnilalaman. Batay sa tuntunin, iaangkop ang g sa mga salitang pangnilalaman na nagtatapos ng g tulad ng kawayang. Iaangkop ang na sa mga salitang pangnilalaman na nagtatapos ng katinig maliban sa nagtatapos ng n, halimbawa ay tapis na. Ang ng naman ay iniaangkop sa mga salitang pangnilalaman na nagtatapos ng patinig tulad ng asong. Bigyang pansin ang ilang papel ng mga mag-aaral tungkol dito.



buhayin sa puso ko na maging dalubhasa sa wikang Filipino.
kaya ngayon na nasa kolehiyo na ako at mayroon ng prebelihiyo
na magampanan ang isa sa mga pangarap ko, ang maging makata
guro at taga pagtaguyod gamit ang wikang Filipino.

*Plate 8*. Kamalian ng mga mag-aaral sa pang-angkop

Makikita sa plate 8 na hindi ginamitan ng pang-angkop na g ang salitang ngayon na dapat sanang maging ngayong…



dapat paghiwalayin dahil iisa lamang ang
ibig nito. kung kaya natin na matuto ng ibang
wika, kaya din natin ipakilala sa ibang bansa
ang ating kultura upang tayo'y makilala

Plate 9. Kamalian ng mga mag-aaral sa pang-angkop

Dito sa plate 9, gumamit naman ang mag-aaral ng pang-angkop na na ngunit ito ay kamali. Dapat lamang na g ang iaangkop sa natin dahil ito ay nagtatapos ng katinig.



palaganap sa ating wikang Filipino. Napagtanto ko na ang
pagiging isang mag-aaral ng kursong BAFL ay may kaakibat na

*Plate 10*. Kamalian ng mga mag-aaral sa pang-angkop

Makikita sa plate 10 ang paggamit ng pang-angkop na na. Naging mali ito dahil ang inaangkupan ay ko, ito ay nagtatapos ng patinig kaya dapat na iangkop lamang ang ng upang maging kong.

Ang paggamit ng pang-angkop sa pagsulat ng naratibong sanaysay ang pinakanangungunang may kamalian ang mga mag-aaral. Hindi nila nagamit nang wasto ang na, ng, at g. Nangangahulugang isa ito sa dapat pang pag-aaralan ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Tubera (2024), ilan sa lumabas ang kamalian sa pagkukulang sa pang-angkop, kamalian sa pagdaragdag ng pang-angkop, at pagdaragdag ng pang-ugnay.

*3.2 Mga Salik na Nakaaapekto sa mga Kamaliang Panggramatika ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Naratibong Sanaysay*

Batay sa pagsusuri sa pahayag ng mga mag-aaral, ang sumusunod ang mga salik na nakaapekto sa kanilang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng sanaysay: kakulangan ng kaalaman sa gramatika, hindi akmang paggamit ng teknolohiya, at kakulangan ng pamamahala sa oras.

*Kakulangan ng Kaalaman sa Gramatika*

Batay sa kinalabasan ng pagsusuri sa mga pahayag ng mga kalahok, may kakulangan sila sa kaalamang panggramatika, sanhi upang nagkakaroon sila ng kamalian. Ayon sa mga kalahok:

> *K1: Sa pagsulat ng sanaysay, masasabi kong nahihirapan ako dahil marami ang mga salik na nakaaapekto sa paggamit at pag-unawa ng gramatikang Filipino. Ito ang mababang kaalaman sa gramatikang Filipino, at social media. Hindi gaanong mataas ang aking kaalaman sa gramatikang Filipino sa kontekstong nakapaloob dito. Marahil kulang ako sa malalimang pagbabasa at pag-aaral. Hindi mayaman ang aking talasalitaan sa Filipino, nahihirapan akong pumili ng mga salitang angkop sa pagbuo ng pangungusap.*

*K3: Kaunti ang kaalaman sa gramatika. Mahina po kasi ako when it comes to gramatika. Mahirap gumawa ng pangungusap*

Ang K1 at K3 ay nagsabing ang mababa o kaunting kaalaman sa gramatikang Filipino ay salik na nakaaapekto sa paggamit ng wastong gramatika sa pagsulat ng sanaysay. Ang sinabi ng mga kalahok ay nagsaad na ang kakulangan ng kaalaman sa gramatikang Filipino ay isang salik na nakaaapekto sa pagsulat nila ng sanaysay. Ang kakulangan ng kaalaman ay sanhi upang may pagkakamali sa gramatikang Filipino.

Lumabas sa pag-aaral ni Avelino (2020) na ang kaalaman sa tuntuning panggramatika ang isa ring salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Hindi pa lubusan ang kahusayan dito ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral din nina Quirimit at Agapito (2024) ay lumabas na ang mababang kaalaman sa tuntunin ng gramatikang Filipino ang isa sa mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Batay sa pag-aaral ni Aspili (2005), ang posibleng sanhi ng kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon ay maiuugnay sa kakulangan ng kaalaman sa mga tuntuning gramatikal ng Filipino na nangangahulugang hindi pa lubusang nababatid ng mga mag-aaral ang tamang aplikasyon ng mga tuntuning ito sa pagbubuo ng mga salita sa pangungusap.

*Hindi Akmang Paggamit ng Teknolohiya*

Ang teknolohiya ay may magandang tungkulin sa buhay ng mga tao. Dahil dito ay may social media, Artificial intelligence na kinabibilangan ng chat GPT. Gayunpaman sa pag-aaral na ito, lumabas na ang paggamit ng produkto ng teknolohiya ay naging sagabal sa maganda sanang resulta ng pagsulat nila ng sanaysay. Nagdulot ito ng kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral.

*K1: Marami ang mga salitang impormal na wika kagaya ng balbal o slang na nababasa sa social media at may pagkakataong nagagamit ang mga salita ng mali. Ako naman na nagbabasa akala ko ay tama ang pagkakagamit kaya sinusundan na lamang ito. Hindi lahat ng impormasyon sa social media ay nasuri ng dalubhasa at mapagkakatiwalaan. Minsan, ang social media ay ginagawang tamad ang tao. Sa mahabang pagbabad dito kinakain ang oras na dapat laan sa mahahalagang bagay imbes na ako ay nagbabasa at nag-aaral ng gramatikang Filipino mas nauuna ang pagbisita sa social media.*

*K13: Mas naa-adopt kung ano ang nakikita sa social media kahit hindi sigurado ang gramatika nito. Parang doon sila nagbabase. Parang iyon ang mas ginagamit nila kasi parang nagiging basis na nila ang social media.*

Batay sa pahayag nina K1, at K13, ang social media ay isang sanhi sa kamaliang panggramatika ng mag-aaral. May mga salitang impormal na ginagamit sa social media. Ginagaya naman ito ng mga mag-aaral na sanhi upang magkamali sila sa gramatikang Filipino. Gayundin, nakaaantala ang social media sa pag-aaral ng gramatikang Filipino dahil mas inuuna itong pinagtutuunan ng pansin. Kapag wala na ring AI na sanggunian nila ay nahihirapan na sila sa pagsulat ng sanaysay. Isinasaad nito na ang mga mag-aaral ay nasanay na sa pagsangguni, pagdedepende sa social media na sanhi upang mabawasan ang sariling kakayahan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang mga wastong gamit ng salita at wastong gramatika. Batay sa sa pag-aaral ni ni Piswec (2022), malaki ang impluwensiya sa mga mag-aaral ng mga salitang ginagamit sa social media. Hindi na nila ito sinusuri nang mabuti bago gamitin o gayahin sapagkat ang nasa isip na nila ay kapag ang mga salita ay mula sa sa social media ay tama, pormal at tanggap na sa paaralan. Lumabas din sa pag-aaral ni Telino (2021), na isa sa salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa gramatika ay ang social media. Ayon kay Gorhe (2019), karamihan sa mga mag-aaral ang nawalan ng konsentrasyon sa pag-aaral dahil sa sobrang paggamit ng social media na dulot ay ang pagbaba ng kanilang akademikong performans. Lumabas din sa pag-aaral ni Gomez, (2006), na ang madalas na text messaging ng mga mag-aaral ay nakapaghina ng kanilang kakayahan sa maunlad at mabisang pagpapahayag ng kaisipan at niloloob sa pagsulat.

Kakulangan ng Pamamahala sa Oras

> *K10: Kung minsan nahihirapan akong pagkasiyahin ang isang oras sa pagsasagawa ng sanaysay dahil ginugugol ko ang karamihang minuto sa pagsasagawa ng burador. Ito ay sa kadahilanang nais kong masigurong maayos ang pagkakalahad ko ng aking mga ideya. Nakakaapekto ito sapagkat bunsod ng pagmamadali, kapag malapit na ang oras,hindi ko na namamalayan na mali na ang aking gramar lalo na sa pangwakas na talata.*

Ayon sa K10, ang oras ang isang sanhi ng kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral. Dahil sa kakulangan ng oras ay hindi nila napagtutuunan ng pansin kung wasto ang gramatika ng mga binubuo nilang pangungusap tungo sa pagbuo ng sanaysay. Isinasaad nito na maaaring hindi sapat ang oras na ibinibigay ng guro sa mga mag-aaral o kaya naman ay kulang ng pamamahala sa oras ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Mahalaga ang pagkaroon ng sapat na oras at maayos na paggamit ng oras upang lahat ng kalalabasan ng gawain tulad ng pagsulat ng sanaysay nang may wastong gramatika ay makakamtan.

Inilahad nina Awas et al. (2017) na ang wastong pamamahala sa oras ay isang elemento ng kaugaliang dapat na taglayin ng isang estudyante upang matapos, magawa, at magtagumapay na maisakatuparan ang mga gawaing nakasalalay bilang parte ng pangangailangan sa responsibilidad na kinauugnayan. Ang pagsasanay na magkaroon ng wastong pamamahala sa oras ay may malaking maitutulong upang maging produktibo at epektibong indibidwal. Maaari din itong magdulot ng kapahamakan at negatibong resulta kung sakaling hindi mapamamahalaan nang mabuti. Ito ay nangangailangan ng matalino at mausisang pagpaplano para sa inaasam na magandang resulta ngunit sa kabila ng lahat, kahit na ito ay may malaking maitutulong, bukas pa rin ang katototohanang hindi lahat ng estudyante ay kaya itong maisakatuparan. Ayon kay Ghaf (2024), Ang pamamahala sa oras ay isang mahalagang bagay na nakakaapekto sa lahat ng aspekto ng pamumuhay. Mahalagang gawin ang ilang mga gawain sa loob ng isang tiyak na hanay ng oras. Ang anumang aktibidad na ginawa pagkatapos ng nakalaan na oras ay nagiging hindi epektibo. Ayon din kay Bassey J. (2022), milyon-milyong mga kolehiyong mag-aaral sa buong mundo ang nahaharap sa isang malawak na hanay ng mga problema sa pagsulat ng mga sanaysay. Isa sa mga problemang ito ay ang pagiging mahina ang pamamahala sa oras.

### *3.3 Kagamitang Pangwikang Nabuo na Tutugon sa Kamaliang Panggramatika ng mga Mag-aaral*

Isa sa katuwang ng mga guro at mag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto ng wika ay isang kagamitang maaring limbag o hindi limbag. Ayon kina Mayos (2008), ilan sa kahalagahan ng kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong sa pansariling pagkatuto ng mag-aaral, at nagiging batayan para sa talakayan. Nakatutulong ito upang maitatag ang dimensyon ng pag-unawa at pagkatuto ng mag-aaral. Ang isang kagamitang makatutulong sa lalong pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang modyul. Ito ay isang kagamitang pampagtuturo na nagtataglay ng mga tipak ng mga gawain sa pagtuturo-pagkatuto. Ang mga gawain ay buo at ganap sa kanyang sarili at inaayos sa paraang masistematiko at komprehensibo. Dahil sapat at buo ang modyul, ang mag-aaral ay umuunlad at gumagawa ayon sa pansariling bilis, paraan, antas ng pagkatuto, at panahon. Dahil sa modyul ay nababatid ng mga mag-aaral ang tiyak na kaalamang dapat matutunan, nagiging malaya ang mag-aaral sa paggawa kahit wala ang guro, nalilinang ang responsibilidad sa paggawa nang tama at maayos, natataya nang malaya ang sariling sagot, naiwawasto ang mga kamalian, at nalilinang ang kakayahan sa pagsunod sa panuto.

Ang mga katangian ng modyul na ito ay magandang gamitin para sa lalo pang pag-unawa ng mga aralin tulad ng pagpapayaman sa kakayahang pangramatika ng mga mag-aaral. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik na bumuo ng katulad nito bilang kagamitang pangwika na pang-interbensiyon sa mga natuklasang kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral at sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang mga kamaliang panggramatika. Ang pormat ng binuong modyul ay nakabatay sa pormat na ibinahagi sa aklat nina Mayos (2008). Ito ay may pangkalahatang panimula na magbibigay sa mga mag-aaral ng pangkalahatang kaalaman sa kabuuan ng modyul. Sa bawat modyul ay mayroon itong tiyak na panimula, panuto at layunin na dapat malaman at susundin ng

mag-aaral sa paggawa ng bawat isa. Ang sumusunod din ang iba pang bahagi ng modyul: a. paunang pagsusulit at susing sagot sa paunang pagsusulit, b. tiyak na pagtalakay sa paksa, c. pagsasanay bilang karagdagang kaalaman sa paksa at susi ng pagwawasto sa pagsasanay, d. gawain/ pagsusulit at susi ng pagwawasto sa gawain/ pagsusulit, e. panghuling pagsusulit at susi ng pagwawasto sa panghuling pagsusulit. Bawat hulihan ng isang bahagi ng binuong modyul ay may nakakahong pahayag ang guro bilang pakikipag-usap sa mag-aaral na parang tunay niyang kaharap. Maaaring ito ay magbibigay paalala sa dapat gawin ng mag-aaral at bilang pagbibigay pugay sa nagawa niya. Nagsilbi rin itong paglalagom o pampinid na mensahe sa mag-aaral tungkol sa katatapos na modyul.

Ang binuong modyul ay may sampung bahagi. Una ang panghalip. Ikalawa ang pandiwa. Ikatlo ang pang-abay. Ikaapat ang pang-uri. Ikalima ang Pangngalan. Ikaanim ang pang-angkop. Ikapito ang pangatnig. Ikawalo ang panandang ay. Ikasiyam ang pantukoy. Ikasampu ang pang-ukol. Ikalabing-isa ang modyul sa pagsulat ng sanaysay bilang aplikasyon sa mga natutunan sa naunang modyul. Inayos ang modyul batay sa salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian. Ang pagkakasunod-sunod din ng nabuong modyul ay batay sa lumabas na ranggo ng kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral. Mas inuna at may mas maraming gawain at pagsusulit sa mga bahagi ng panalitang may maraming kamalian ang mga mag-aaral tulad ng panghalip at pang-angkop. Batay sa lumabas sa unang suliranin, may mga kamaliang panggramatika ang mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian. Batay din sa lumabas sa ikalawang suliranin ay may mga salik na nakaaapekto sa kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral. Ang mga ito ang binigyang pansing batayan sa nilalaman at mga gawaing nakapaloob sa binuong modyul.

## 4. Kongklusyon

Kailangan pang paunlarin ang kakayahang panggramatika ng mga mag aaral sa panghalip at pantukoy. Ang mga kakulangan ng kaalaman sa gramatika, hindi akmang paggamit ng teknolohiya, kakulangan ng pamamahala sa oras ay nakakaapekto sa mga mag-aaral sa kanilang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng naratibong sanaysay. Ang binuong modyul ay isa sa mga kagamitang pangwika na makatutulong sa pagtugon sa kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral

### *4.1 Rekomendasyon*

Batay sa kinalabasan at kongklusyon ng pananaliksik, iminumungkahi ang sumusunod: Ang pagpapatuloy na pagsasanay sa mga mag-aaral sa mga gawaing may kaugnayan sa gramatikang Filipino lalo na sa panghalip at pang-angkop ay inaasahang makatutulong sa lalo pang paglinang ng kanilang kakayahang matuto at gumamit nito sa iba't ibang pormal na sulatin tulad ng sanasay. Ang kusang pagsasanay ng mga mag-aaral sa sarili sa wastong paggamit ng gramatikang Filipino, ang tamang paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto ng gramatika at ang wastong pamamahala sa oras sa pagsulat ng naratibong sanaysay nang may wastong gramatika ay iminumungkahi sa mga mag-aaral. Ipapagamit ang nabuong modyul sa pagtuturo at pagkatuto ng gramatikang Filipino.

## 5. Sangguian

Avelino, M. (2020). *Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino*. Unpublished Master's thesis. Benguet State University.

Aspili, S.M. (2005). *Pagsusuri ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon*. Hinango noong Enero 20, 2024 sa https://www.nwu.edu.ph/library/wp-content/uploads/2019/04/Pagsusuri-ng-mga-Karaniwang-Kamalian-sa-Pagsulat-ng-Komposisyon.pdf

Awas, M., Bacatan, C.,Buanghug, E., Encina, G., Jorge, Z., Maristela, M., Tapales, P., Villarin, R., Yaun, F., at H. Ybanez (2017). *Epekto ng pagkakaroon ng time management sa mga mag-aaral ng University of Cebu* SHS-AB. Hinango noong Enero 20, 2024 sa

https://www.academia.edu/33872988/Epekto_ng_Pagkakaroon_ng_Time_Management_sa_mga_Mag_aaral_ng_University_of_Cebu_SHS_ABM

Badayos, P. (1999). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation

Bassey, J. (2022). *College essay problems: A guide to how to solve them quickly*. Hinango noong Pebrero 9, 2023 sa https://stayinformedgroup.com/tl/college-essay-problems/

Chang, C. at Wei, L. (2022). A self-Investigation into Thai EFL writing instructors' perceptions toward written feedback on college students' writing essay assignment. 15 (8). Published by *Canadian Center of Science and Education.* URL:Hinango noong Pebrero 9, 2023 sa https://doi.org/10.5539/elt.v15n8p34

Domantay, M. at L. Ramos. (2018). English writing performance of Grade 11 students. *Journal of Advanced Studies*, Vol. 1 No. 1, pp1-19. Hinango noong Pebrero 9, 2023 sa https://psurj.org/wp-content/uploads/2018/12/JAS-002.pdf

Fitrawati at Safitri D. (2020). Students' grammatical errors in essay writing: A pedagohical grammar reflection. *International Journal of Language Education* Volume, Number, 2020, pp. ISSN: 2548-8457 (Print) 2548-8465 (Online)

Ghaf, Z. (2024). *The relevance of time management in academic achievement: A critical review of the Literature*. DOI:10.59890/ijasr.v1i4.1008. Hinango noong Enero 20, 2024 sa https://www.researchgate.net/publication/376982131_The_Relevance_of_Time_Management_in_Academic_Achievement_A_Critical_Review_of_the_Literature

Gittan, H. (2017). *Types of qualitative research*. Hinango noong Pebrero 9, 2023 sa https://www.slideshare.net/kerbala2013/types-of-qualitative-research noong ika-23 ng Marso, 2023

Gomez, E. P. (2006). *Kakayahan at mga karaniwang kamalian sa pagsulat na naiimpluwensiyahan ng kadalasan ng text messaging*. West Visayas State University, Iloilo City. Hinango noong Pebrero 9, 2023 sa https://hdl.handle.net/20.500.12852/1024

Gorhe, M. (2019). *Impact of social media on academic performance of students*. DOI: 10.13140/RG.2.2.21427.27687 Hinango noong Enero 20, 2024 sa https://www.researchgate.net/publication/332110622_Impact_Of_Social_Media_On_Academic_Performance_Of_St.

Lartec, J., Espique, P., Tanawan, S, Ramos E., at Dotimas, S. (2011). *Introduksiyong modyular sa pananaliksik.* Anvil Publishing, Inc. Mandaluyong City.

Lartec, J. (2011). Pagsulat sa Filipino: Kaso ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig. Sentro ng Wikang Filipino, Philippines. *Vol 17 No 1-2 (2011): Daluyan: Journal ng Wikang Filipino - Articles.* Hinango noong Enero 20, 2024 sa https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/6071/5412

Lartec, N. and Perey G. (2012). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of the Cordilleras. *Tangkoyob: University of the Cordilleras Research Journal* Hinango noong Enero 20, 2024 sa https://www.academia.edu/34737551/Kakayahang_Panggramatika_sa_Filipino_ng_mga_Mag_aaral_sa_University_of_the_Cordill.

Mag-atas, R. (2008). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Roadstore Publishing Corporation. Sta. Cruz, Manila.

Mayos, N., Gutierrez, J.,Tica-a, P. (2008). *Ang guro ng bagong milenyo: Mga kagamitang panturo sa Filipino*. JIMCY Publishing House, Cabanatuan City.

Mortera, M., B. Conti. (2016). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Mandaluyong City: Books Atbp. Publishing Corp.

Paltridge, B. 2009. *Teaching academic writing: An introduction for teachers of second Language Writers*. An Arbor, MI: The University of Michigan Press.

Quirimit, S. at Agapito, K. (2024). *Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na BAFL*. Unpublished Undergraduate thesis. Benguet State University.

Safitri, D. (2021). Students' grammatical errors in essay writing: A pedagogical grammar reflection. 5 (2). *International journal of language education*. Doi: https://doi.org/10.26858/ijole.v5i2.15241.

Telino, M. (2021). *Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino tungo sa pagbuo ng digital learning module.* Unpublished Master's thesis, Benguet State University.

Tubera, F. (2024). Paggalugad sa mga kamalian ng mga sulatin sa Filipino ng mga dayuhang mag-aaral: Isang pagsusuri. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research.* https://doi.org/10.17613/s8x3-qs65.